MAHAHALAGANG PAGBABAGO SA 2026 NA HANDBOOK NG MIYEMBRO: Ilang Pangangalagang Nagpapatibay sa Pagkakakilanlan ng Kasarian (Gender-Affirming Care)

Simula Oktubre 13, 2026, hindi na sasagutin ng Medi-Cal ang ilang uri ng pangangalagang nagpapatibay sa pagkakakilanlan ng kasarian kapag ginagamit ang mga ito para gamutin ang gender dysphoria sa mga miyembro ng Medi-Cal na wala pang 18 taong gulang at sa mga miyembro ng CHIP na wala pang 19 taong gulang. Ito ay dahil sa bagong pederal na batas.

Mga serbisyong apektado:

- Operasyon, tulad ng mastectomy o pagsasaayos ng suso
- Puberty blockers
- Hormonal therapy, gaya ng paggamit ng estrogen o testosterone

Hindi ito nangangahulugang hindi ka puwedeng makatanggap ng pangangalaga. Sinusuportahan ng California ang pagkakaroon ng access sa mga serbisyong pangkalusugan na medikal na kinakailangan. Gagamit ang estado ng pondo ng estado para bayaran ang gender-affirming care na medikal na kinakailangan para sa mga miyembro ng Medi-Cal at CHIP, kung naaangkop ito batay sa klinikal na pagsusuri at inirerekomenda ng isang kwalipikadong provider.

Tutulong ang California Department of Health Care Access and Information (HCAI) na magbayad para sa mga serbisyong apektado nito. Ang programang ito ay hiwalay sa Medi-Cal, na pinamamahalaan ng Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services, DHCS). Ipo-post ang mas detalyadong impormasyon sa mga website ng HCAI at DHCS kapag available na ang mga ito.

Patuloy na sasagutin ng Medi-Cal ang gastos sa iba pang serbisyong gender-affirming care na medikal na kinakailangan para sa mga miyembro ng Medi-Cal na wala pang 18 taong gulang at mga miyembro ng CHIP na wala pang 19 taong gulang. Kabilang dito ang mga pagbisita sa opisina, mga lab test, speech therapy, at psychotherapy, kapag medikal na kinakailangan ang mga ito. Patuloy ding sasagutin ng Medi-Cal ang gastos sa mga serbisyong medikal na kinakailangan, kabilang ang mga serbisyong nakalista sa itaas, kung ginagamit ang mga ito sa paggamot ng ibang kondisyong medikal na hindi gender dysphoria, o sa paggamot ng kumplikasyon, impeksyon, pinsala, sakit, o karamdaman na dulot o lumala dahil sa isang naunang procedure. Patuloy na sasagutin ng Medi-Cal ang gastos sa mga serbisyong nakalista sa itaas para sa mga miyembrong edad 18 pataas.

Kung kasalukuyan kang tumatanggap ng isa sa mga serbisyong maaapektuhan:

- Makikipag-ugnayan sa iyo ang iyong Medi-Cal managed care plan kung makaaapekto ang pagbabagong ito sa pag-apruba ng serbisyo na nakatakdang ibigay sa o pagkatapos ng Oktubre 13, 2026.
- Kung ititigil o babawasan ng iyong plan ang isang serbisyong dati nang naaprubahan, makakatanggap ka ng nakasulat na Notice of Action (Abiso tungkol sa Ginawang Hakbang). Ipapaliwanag sa abisong ito ang dahilan ng desisyon, pati ang iyong mga karapatang umapela at humiling ng State Hearing (Pagdinig sa Antas ng Estado).
- Maaari kang magkaroon ng karapatang patuloy na makatanggap ng mga benepisyo habang hindi pa napagpapasyahan ang iyong apela o State Hearing (Pagdinig sa Antas ng Estado), depende sa sitwasyon mo.

Tanong o tulong:

- Tumawag sa Blue Shield Promise Customer Services sa 1-855-699-5557 (TTY 711).
- Maaari mo ring kausapin ang iyong healthcare provider tungkol sa iyong paggamot at mga posibleng opsyon.
- Ipo-post ang karagdagang impormasyon tungkol sa programa ng HCAI kapag available na ito.

Pakitabi ang abisong ito kasama ng iyong 2026 na Handbook ng Miyembro/Ebidensiya ng Saklaw (Member Handbook/Evidence of Coverage). Ina-update nito ang seksyon tungkol sa mga serbisyong gender-affirming care simula Oktubre 13, 2026.